# FACTSHEET NG TIGDAS

**Ang mga kaso at outbreak ng tigdas ay nangyayari pa rin sa Canada.** Karaniwang nagaganap ang mga kaso dito kapag ang indibidwal na hindi nabakunahan ay nagbiyahe papunta sa o mula sa bansa kung saan lumalaganap ang tigdas. Maaari itong kumalat sa Canada sa mga tao na hindi bakunado o hindi immune mula sa nakaraang impeksyon.

## MGA SINTOMAS

- Kasama sa mga unang sintomas ang: lagnat, ubo, tumutulong sipon sa ilong at mapula, nagluluhang mga mata.

- Mga 3 hanggang 7 araw matapos magsimula ang mga sintomas, nagkaroon ng **pagpapantal** sa mukha at kumalat sa ibang bahagi ng katawan, kabilang ang mga braso at binti. Ang pagpapantal ay mukhang mga pulang butlig at mga batik-batik na patse na maaaring magtagal ng 4 hanggang 7 araw. Sa mas mga dark na kulay ng balat, o ang pamumula ay maaaring mas mahirap makita, o maaaring mukhang lila ito o mas dark sa nakapaligid na balat.

## MGA PELIGRO

**Ang sinumang may impeksiyon ng tigdas ay maaaring magkaroon ng mga kumplikasyon. Ang mga tao na nasa mas mataas na peligro ng pagkakaroon ng mga malalang kumplikasyon mula sa tigdas ay:**

- mga batang wala pang 5 taong gulang, lalo na ang mga sanggol na masyado pang bata para mabakunahan
- mga taong buntis
- mga taong may mahihinang immune system

Bagaman bihira, kasama sa mga malalang kumplikasyon ang pagkabingi at pinsala sa utak na dulot ng pamamaga ng utak, at maaari ring makamatay.

**Nasa peligro kang magkatigdas kung** nalantad ka sa tigdas at hindi ka immune. Para maging immune, dapat kang:

- mabakunahan **o**
- dati nang nagkaroon ng impeksyon sa tigdas na nakumpirma sa laboratoryo o may katibayan sa laboratoryo ng immunity sa tigdas.



## MASYADONG NAKAKAHAWA ANG TIGDAS

**Mahigit sa 90% ng mga taong hindi immune sa tigdas at nagkakontak sa virus ay maaaring mahawa.** Ang mga taong nahawa ng tigdas ay maaaring maipasa ito sa ibang tao bago lumabas ang pagpapantal at samakatuwid ay bago nila malaman na mayroon silang impeksiyon ng tigdas. Inuudyok ang mga magulang na siguruhin na makatanggap ang kanilang anak ng mga bakunang may lamang tigdas ayon sa iskedyul sa pagbabakuna ng kanilang lalawigan o teritoryo.

## PAG-IWAS SA TIGDAD

- Maiiwasan ang tigdas sa pamamagitan ng mga rutinang pagbabakuna, na karaniwang nagsisimula sa edad na 12 buwan. Kung ikaw o ang anak mo ay nakalaktaw ng bakuna, maaari ka pa ring makahabol.

- Ang pagkakaroon ng 2 dosis ng bakunang naglalaman ng tigdas ay halos 100% mabisa sa pag-iwas sa tigdas. Dalawang dosis ng bakunang naglalaman ng tigdas ay nirerekomenda para sa mga bata, nagdadalaga/nagbibinata at ilang mga adult. Magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan o lokal na departamento sa pampublikong kalusugan tungkol sa mga rekomendasyon sa pagbabakuna para sa tigdas sa inyong lalawigan o teritoryo.

- Kung nagbabalak kang magbiyahe sa labas ng Canada, mas mainam na makipag-usap sa tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan o lokal na departamento sa pampublikong kalusugan ng 6 na linggo bago magbiyahe para makita kung up to date ka sa mga pagpapabakuna mo o kailangan ng karagdagang dosis ng bakunang naglalaman ng tigdas.

**Kung sa palagay mo ay nalantad ka o mayroon kang tigdas**

- Kung sa paniwala niyo na kayo o ang ang pamilya niyo ay **nalantad** sa tigdas at hindi nabakunahan (o hindi nagkaroon ng impeksiyong tigdas sa nakaraan), mag-isolate at kontakin agad ang inyong tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan o lokal na departamento sa pampublikong kalusugan para sa patnubay.
- Kapag nagkaroon ka ng **sintomas** ng tigdas, mag-isolate at tawagan agad ang tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan. Maaaring magsaayos ang tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan para matingnan ka habang pinipigilan ang pagkalat nito sa ibang tao.

## Tumulong pigilan ang pagkalat ng tigdas.

**Makipag-usap sa tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan o sa inyong lokal na departamento ng pampublikong kalusugan kung hindi ka sigurado kung ikaw o ang pamilya mo ay up to date sa mga nirerekomendang bakuna at makahabol sa anumang mga kulang na bakuna. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa Canada.ca/measles**

© Ang Mahal na Hari sa pamahalaan ng Canada, ay kinakatawan ng Minister of Health, 2025
Pub: 240931 | Cat: H14-619/2025Tgl-PDF | ISBN: 978-0-660-76187-9